

1

“Lagi na lang ganito,” reklamo ni Lafernio sa buong grupo. “It goes like this. Nag-train tayo, we’re trained to be the bad asses we are now para ihanda tayo sa pagliligtas ng mga tao sa buong mundo.” Kumibit-balikat-siya. “Which is true, we do save people. Pero ang hindi natin naiisip ay ang mga taong nailigtas sana natin.”

Umiling-iling si Jake, isa sa teammates niya sa *Team Echo* ng *SEAL Team Six’s Red Squadron*. “Ano ba’ng pinagsasabi mo? We have the best job in the world, we save people and that’s it.”

“Loki, tulungan mo nga ako dito.” Tinapik niya si Loki, his best friend and another teammate na tahimik na nakikinig sa usapan nila. “Namatay pareho ang mommy namin noong 1992, dahil saan? Terrorist bombing.” Tumaas ang tono niya kasabay ng pagtaas ng dalawa niyang balikat. “But what if they saw it coming, what if they knew that there was gonna be an attack at the time? Di may nagawa sana sila para matigil ang bombing na ’yun. Hindi sana namatay ang napakaraming tao including our moms.” Umiling-iling siya. “What we do is, everytime some sick f*ck kills someone, hostages someone, or detonates a bomb somewhere in the world, we go there and kill the bastard. Palaging huli na para sagipin ang mga taong hindi sana nabiktima.” Bumuga siya ng hangin. “Sawang-sawa na ako sa ganito!”

“But we stop ’em from killing more people, don’t we?” Si

Lieutenant Jarno Milosevic ang nagsalita, their team leader. Kasalukuyan silang nasa isang *Navy ship* habang hinihintay ang go signal sa pagsampa nila sa isang *USS Bainbridge* kung saan magse-set-up sila para sa rescue ng isang American cargo ship captain na ngayon ay hawak ng *Somalian pirates*.

“That’s true!” mabilis niyang sang-ayon. “Ang punto ko, LT, ay ’yung mga taong nailigtas sana natin. Gumagawa lang tayo ng aksyon sa tuwing may mga inosenteng sibilyan nang napatay.”

“Why are you suddenly so bummed about this?” Si Fabio na nakakunot-noo. Fabio was their second lieutenant.

He sighed in resignation. “I don’t know, man. I just... you know... I signed up for *SEAL* to stop the very thing that happened to Mom. I left my sister for this. I really thought I’d get a better chance to do that when they picked us for *Team Six*, but it’s almost the same. Just a little bit more dangerous, it’s all.”

Mahal niya ang kanyang trabaho. Pero sa walang tigil nilang operasyon mula nang makapasok sa *Navy SEAL* ay nakita niya ang dami ng mga taong namatay bago pa man sila dumating sa mission sites. Noong una, bagaman nahihirapan siyang tanggapin iyon ay napapakisamahan niya ang pakiramdam. He was confident that they would be able to stop more deaths. But it just continued, mission after mission.

Pakiramdam niya ngayon ay naipon na iyon sa kanyang dibdib. All the images of dead people, lying on the streets,

bleeding on the sidewalks. Labas ang mga lamang-loob—sanggol, matatanda at mga babaeng walang kalaban-laban. He could be in the nicest hotel room after the fight, yet still smell the stinking scent of rotten bodies. Nakikita pa rin niya ang mga nakapanlulumong imahe sa isip niya, kahit pa nakapikit o dilat na dilat siya. Napapadalas iyon nitong mga nakaraang araw. And it was taking its toll on him.

“Well, itong mission ngayon might just satisfy your craving to kill the bad guys before they get to kill any civilians,” tukoy ni Jarno sa mission nilang pagliligtas sa kapitan at crew ng cargo ship.

“Bakit nga ba ang tagal ng go signal nila?” Si Jake na halatang naiirita na. Magsasampung minuto na silang naghihintay at tanaw na rin nila ang nasabing barko.

“Ito mismo ang sinasabi ko sa inyo. We move like lightning. Hell, we’re like the *Fedex* of the military world. It’s the go signal from them that slows us down,” di niya napigilang bulalas.

“I cannot wait for this shit to be done.” Si Nathan, habang inuusisa ang sarili nitong sniper rifle.

“Ilang pirata ang naroon?” tanong ni Fabio na inabot din ang sniper rifle na nakasukbit sa balikat nito.

“Three, Dude.” Si Loki.

“I’m taking down one motherf*cker, please,” aniya at sumilip

sa scope ng sariling baril.

“Lahat gustong makalabit ang baril. And you know we’re only supposed to fire three bullets. So tatlo sa atin ay backup lang,” sabi ni Nathan.

“I’ll give up my spot for you blood-thirsty bastards,” ani Jarno na alam nilang pinakamagaling na sniper sa kanilang lahat.

Nagkatinginan silang lima. Alam niyang hindi siya papayag na hindi makalabit ang gatilyo ng kanyang sniper sa mission na iyon. “Okay, we settle this man to man.”

“Arm wrestling!” bulalas ni Jake na agad na nakuha ang nasa isip niya.

“Nababaliw na kayo!” sabad ni Loki na alam niyang hindi rin papayag na magbigay ng spot sa kanila.

This kind of mission, they consider it a small break. Very little engagement and maximum impact.

“I’m not gonna indulge. We’ll be in deep shit pag malaman ito ni Captain Luther.” Si Fabio ulit, acting his rank as the team’s second lieutenant.

“You’re boring!” nakangisi niyang sabi at hinarap sina Loki, Nathan at Jake. “So tayong apat lang. Kami ni Loki ang maglalaban. Ikaw, Jake, si Nathan ang kalaban mo. Losers will fight and then, the loser between them gives up the last spot.”

Parehong naiiling na nakamasid sa kanila sina Fabio at Jarno habang itinatabi nila ang mga upuan para pumuwesto sa mesa.

“We’ll go first!” prisinta niya sabay ngisi kay Loki. “Ready?”

“Oh, Dude, I can’t wait,” sagot nito at tumingkayad sa mesa para saluhin ang palad niya.

Lalo siyang napangisi. “Nice grip, man.”

“Yeah, yours too.” Nangingislap ang mga mata ng kaibigan.

“Okay!” Si Jake at hinawakan ang mga siko nila. He planted their elbows firmly atop the table. “Fight!”

Sinalo niya ang lakas na binitawan ni Loki. “Wow...” He breathed out the words habang nakatiim-bagang sa pagpipigil na maitumba ng katunggali ang kanyang braso. “God, you really are strong, aren’t you?”

“Really?” balik nito; nakatiim-bagang din. “I’m not even trying.”

“Ooh... This is a good fight! I bet ten bucks for Lafernio!” sigaw ni Jake na ikinalingon ng mga *Navy* soldiers na naroroon din sa ship.

Kunot-noong tinitigan ito ni Loki. “And I thought I was your best friend!” kunwa ay reklamo nito, pero hindi pa rin nagbabago ang lakas na nararamdaman niya sa braso nito.

“You’re all my best friends, man, don’t take it personally,”

nakangising sagot ni Jake.

“I’ll raise that to twenty. Loki’s winning...” Si Nathan na nakisali na rin.

“There we go!” Muli ang paglatay ng ngiti sa mga labi ni Loki.

“You’re wasting your money!” sita niya kay Nathan at biglang nilakasan ang pagpapatumba sa braso ng kalaban, but Loki countered it like he was just waiting for it.

“Ooh! Feisty!” kunwa’y bulalas nito. “Is that all you got, Bro?” pang-aalaska pa nito.

Napatawa siya habang sinisigurong kontrolado pa rin niya ang laban. He really wanted the shot.

Nagsimula nang mag-umpukan sa paligid nila ang mga sundalong naroon at nagbigay na rin ng kani-kanilang pusta. Hindi nagtagal ay tila isang pasugalan na ang mesang inookupa nila. Si Jarno ay nagsimula nang mapailing samantalang si Fabio ay nakangising nakikipusta na rin. Maging siya ay nagbigay na ng pusta para sa kanyang pagkapanalo.

“Si Captain Luther ba ’yan?” kunot-noo niyang tanong habang nakatingin sa likod ni Loki.

“What?” bulalas nito at nawalan ng lakas.

He took advantage and slammed his opponent’s fist on the

table. Nagsimulang magsigawan ang mga naroroon.

“Woohoo!” He raised both his hands and flexed his biceps habang abot-tainga ang ngiti.

“You cheating bastard!” reklamo nito.

“I’m getting my shot! Now, gimme my munneh!” balewala niyang sagot, hindi pinapansin ang reklamo at tawanan ng mga nasa paligid nila.

“Hey, Bro, there is Captain Luther!” Bigla ang pagseryoso ni Loki na sa likod naman niya nakatingin.

He rolled his eyes. “Seriously, that just worked, man. You don’t expect me to buy that, do you?” sagot niya at muling ngumisi at nag-bow pa sa mga naroon.

“I’m serious, Neo,” sabad ni Loki sa pormal na tinig.

“Yeah, right, and what he’s gonna do? Punch me in the face?” natatawang aniya. Pero dahan-dahang nawala ang ngiti sa mga labi niya nang biglang tumahimik ang paligid.

“Shit,” bulong niya at marahas na nilingon ang kanyang likuran.

Captain Luther in his complete uniform was standing behind him. Nakakunot ang noo nito.

Damn it! mura ng isip niya. Humarap siya rito, tumayo nang tuwid at sumaludo. “Sir!”

“Admiral Jennings wants to see you in his office, now!”

“He’s here?” tanong niya na naibaba na ang kamay.

Hindi nagbago ang pormal nitong mukha. “Would I ask you to see him in his office if he isn’t here?”

Napatiim-bagang siya. “No, Sir.”

Nilingon nito ang kanyang grupo. “Two minutes and you’re mission’s on.”

“Yes, Sir!” Sabay-sabay ang mga itong sumaludo.

Tinalikuran siya ng matandang kapitan. “Follow me.”

“Wait, Sir, I’m part of the mission,” pahabol niya rito.

“Not anymore, I’m pulling you out,” sagot nito na hindi man lang siya nilingon.

Binalikan niya ng tingin ang mga kasamahang nakamasid sa kanila at nakita niya ang nang-aasar na mukha ng mga kaibigan, lalo na si Loki. Nababanas na tinalikuran niya ang mga ito. There went his one chance to really save a life.

Habang naglalakad patungo sa cabin ng admiral ay tinatantya na ni Lafernio sa isip ang mangyayari. Bibigyan siya nito ng disciplinary action sa mga kalokohan niya. He was probably going to make him swim a mile of ice cold water in full gear. These *Navy* people had a sick way of punishing mischiefs. Minsan ay nakapuslit siya ng alak sa isang recon mission nila sa

Iraq. Pagsapit ng madaling araw, panay lasing ang miyembro ng *Red Squadron*. Kung paanong nalaman na siya ang nag-produce ng alak ay hindi niya alam. But he ended up drinking gallons of water—after five hours under the searing desert sun—naked. Huwag nang idagdag ang hangover at ang pagkasunog ng kanyang balat sa matinding sikat ng araw. Napailing siya. It was torture at its finest.

“Sir!” Tuwid na sumaludo siya kay Admiral Jennings nang makapasok sa opisina nito na isa sa daan-daang cabin ng *Navy ship* na kinaroroonan nila ngayon.

“Silver,” pag-acknowledge nito sa kanya.

Mataman siyang tinitigan ng matanda na sa tingin niya ay nasa seisenta na ang edad pero nagmumukhang cuarenta dahil sa tikas nito. Nakaupo ito nang tuwid sa likod ng desk at ang mukha ay hindi kakikitaan ng laughlines dahil sa kapormalan.

“Sir, about the arm wrestling incident, it—”

“I want you to meet Mr. Finn Morisson,” he cut him off.

Noon lang niya napansin ang isang matangkad na lalaki na naka-coat and tie. The old man had blond hair na malinis na naka-brush up. Makintab ang balat na sapatos nito at may mamahaling sunglasses na nakasabit sa chest pocket nito. Tumayo ang estranghero at inilahad ang kamay sa kanya.

“It’s good to meet you, Lafernio Silver.”

Codes And Affairs - Jade Anne Franco

American, naisip niya, recognizing the accent, bago inilahad ang kamay rito nang walang kibo. Pagkuwan ay ibinalik niya ang tingin sa admiral. “Why am I here, Sir?”

“Take a seat,” sa halip ay sagot nito.

Sinunod niya ito at nakita niya si Finn Morrison na umikot sa mesa ni Jennings at sumandal sa dingding sa likod niyon. Pinagsalikop nito ang mga braso sa dibdib at mataman siyang pinagmasdan. He kept a straight face kahit nalilito sa pangyayari. Hindi niya inaasahang may nais ipakilala sa kanya ang admiral.

“How long have you been serving the *Navy*, Silver?” tanong ng matanda.

Interesting. He didn’t expect Mr. Morisson to join the conversation.

“I enlisted when I was eighteen, Sir, so I have been here for eight years,” derecho niyang sagot.

Tumangu-tango ito. “And I understand you’re no longer as happy as the day you got accepted, am I right?”

Napalunok siya pero hindi siya magsisinungaling. “Yes, Sir.”

“May I know why?”

Sinalubong niya ang nanunuri nitong tingin. “I don’t feel that we are doing enough to save people that we promised to save when we signed up for the job.”

“How many terrorists have you killed with your bare hands, soldier?” tanong uli ni Morrison.

Napatitig siya rito. “A lot, Sir.”

“I asked you a question.”

He sighed. “Thirty-four, Sir.”

“And had you let them live, how many civilians would they have killed?”

Hindi niya mapigilan ang mapait na ngiti na namutawi sa kanyang mga labi. “All I know, Sir, is they have already killed hundreds, if not thousands of people before I got to them,” matigas niyang sagot. Ang imahe ng kanyang butihing ina ang nasa isip niya.

“And that’s the reason we pursued them, am I correct?”

“Yes, Sir.”

“You do understand that we are not God. No matter how sophisticated our equipments are, how hard we’ve trained you and how good you have become, we will always miss something.” May diin ang bawat salitang binitawan nito.

Puwede siyang kumontra pero alam din niyang superior niya ito. Hindi niya ito puwedeng basta sagot-sagutin. Bumuntong-hininga muna siya para kontrolin ang sarili bago nagsalita. “We can do nothing about it, I understand that, Sir.”

“Do you really?” susog nito.

Napaangat muli ang tingin niya rito. Pero bago pa man siya makapagsalita ay muli na siyang inunahan ng matanda.

“Several breaches on U.S.A. secure files have been recorded the past few months,” patuloy nito. “And we have reasons to believe that the hits are coming from a masked IP address pretending to be someone from Switzerland. Unfortunately, the hacker failed to realize that *CIA* has more than a million ways to track *his* original location. The IP belonged to a certain apartment in Virginia.” Nanghahamon itong ngumiti habang titig na titig sa kanyang mga mata.

Nahugot niya ang kanyang hininga. *CIA, for f*ck’s sake!* bulalas ng isip niya. *That explained the expensive get-up...*

Pinigilan niya ang mapapalatak. Alam niyang magagawa ng mga itong i-record ang security breach pero hindi ang original location niya. Hindi basta-bastang IP masking ang kanyang ginawa. He actually accessed the *CIA* files via a random Internet connection in Switzerland using encrypted data. He was doomed, now that’s for sure. Nitong mga nakaraang buwan ay pilit niyang pinasok ang terrorist data at top secret whereabouts ng mga ito. Kung magagawa niyang kumuha ng access doon, mas madaling marating ang mga ito at patayin bago pa madagdagan ang mga karumal-dumal na plano ng mga ito. But that was only part of the reason. Ang tunay niyang pinupuntirya ay ang record ng teroristang nagpasabog ng isang building sa Manhattan years

ago. Hindi niya planong maging vigilante, pero nangangati na ang mga kamay niyang mahawakan kahit man lang sa isa sa mga kagrupong mga iyon. It had been years but his craving to avenge the injustice done to his mother hadn't dwindled.

Nang ma-realize niya na malabong mabigyan siya ng pagkakataon na magawa iyon, ginamit niya ang kakayahan upang pasukin ang secure files ng defense system ng United States. Nagtagumpay siya, pero hindi pa rin niya nakita ang file ng Manhattan Bombing o *Christmas Fireball* sa dami ng mga files na naroroon. At ngayon, nahuli na siya bago pa man niya iyon magawa, salamat sa mga homonerds sa CIA! Konsolasyon na rin na wala pa siyang nagagawang makakapagkompromiso sa defense system ng bansa.

“You know that what you did could have compromised the safety of the country, and your life. And you do realize that you are in constant contact with terrorists all over the world. That is enough reason to suspect that you are committing treason.”

“Treason!” sa wakas ay bulalas niya. “With all due respect, Sir, I have given eight years of my life serving the country. I don't think it is fair of you to even suggest that. My mom was a victim of those sons of bitches. They'll have to kill me first before they could even get close to talking me into feeding them intel.”

“Manhattan Bombing... Is it not?” Walang reaksyon sa mukha nito sa kabila ng outburst niya. Nagpatuloy ito, “Commonly known now as the *Christmas Fireball*. Seventy-three people killed.

One of them is your mom, along with Lamptuon's mother. And if my intel is correct, it's what drove you to join the Navy."

"Who are you?" matigas ang mukha niyang tanong sa lalaki. Hindi niya gusto ang katotohanan na masyadong maraming alam ang taong ito tungkol sa kanya.

"I protect the security of the United States of America," mabilis nitong sagot. "And who are you?"

"I kill the terrorists that threaten the American people," balik niya at nakipagsukatan dito ng titig.

"Why do you do it?"

"What do you mean, why do I do it? It's my job," kunot-noo niyang sagot.

"And are you happy about it?"

"I can be happier, but yes, I am."

"Why?" hindi kumukurap ang mga matang tanong uli nito.

Natigilan siya. Nailing na ngumiti siya. "What is this? Some kind of test? Is this to refresh my memory of the training?"

"Answer my question," giit nito.

"Why should I?" Nanghahamon na tinitigan niya ito.

"Are you happy because you get to kill the bad guys, or are you happy because you get to kill the bad guys and people praise

you for it?” he taunted.

“What the f*ck are you talking about?” Gusto niyang bigyan ng isang solidong suntok sa sikmura ang kaharap.

“Are you a *Navy SEAL*? Or are you a part of *DEVGRU*? Are you anything at all?” he continued to interrogate.

Muli ay napahugot siya ng hininga at nilingon ang admiral na matamang nakatitig sa kanya. Sa wari niya ay naghihintay rin ito ng kasagutan.

Marahas siyang bumuntong-hininga. “I’m a *SEAL Team Six* operator from *Troop Echo of Red Squadron*.”

“No, you’re not,” nakangising saad ni Morisson.

“Yes, I am.” Gahibla na lang talaga ang natitira sa kanyang pasensya.

“Not anymore, you’re not. The moment you f*cked up our security system, you cut off your connection with your team, with your friends. With the *Navy*.” Dumagundong ang malakas nitong boses sa buong cabin.

Sandali siyang natigilan sa sinabi nito bago nilingon si Jennings. “Admiral...” Hinarap niya ang matanda na kasalukuyang may kinukuhang papel sa isa sa mga folder nito. Pagkuwa’y iniabot nito iyon sa kanya.

Taka niya iyong kinuha at parang tinamaan siya ng kidlat

nang mapagtanto kung ano ang kanyang hawak.

“That is your resignation letter, Silver. Your signature is the only thing that’s missing. I’m giving you the honor of resigning instead of getting kicked out and disavowed.”